

# Prop. 47

## Reklasipikasyon ng mga Rekord

Ang Proposition 47 na opisyal na tinatawag na The Safe Neighborhoods o Mga Ligtas na Pamayanan ay isang batas na ipinasa sa pamamagitan ng voter initiative o inisyatiba ng mga botante ng California noong Nobyembre 4, 2014. Pinalitan ng Prop. 47 ang mga ilang mababang antas ng mga krimen tulad ng pag-aari o pagkakaroon ng droga, maliliit na pagnanakaw mula sa klasipikasyon na felonies (o wobblers) na maging mga misdemeanors lamang, retroactively o mula sa nakaraan at hanggang sa hinaharap. Ang mga matitipid sa mga gastos sa kulungan ng estado ay gagamiting pondo para sa paggamot sa mga nagiging biktima ng droga at mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga tao na bahagi ng sistema ng hustisyang kriminal, para rin sa mga programa ng mga at-risk na estudyante sa K-12 na mga eskwelahan at gayun din para sa mga serbisyo sa mga biktima.

May epekto ang Prop. 47 sa tatlong grupo ng mga indibidwal na mayroong isa sa kasalukuyan o dating mga kasalanan:

1. Mayroong reklasipikasyon ng rekord para sa mga dating nakulong na mga tao ngunit wala naman sa ilalim ng superbisyon ng anumang sistema ng kriminal na hustisya. (Aplikasyon)
2. Muling pagsesentesya sa mga kasalukuyang nakakulong na mga tao o kaya ay doon sa mga kasalukuyang nasa ilalim ng superbisyon ng kriminal na hustisya.

(Petisyon)

3. Para sa mga hinaharap (prospektiba) na pagsesentesya sa mga taong may kaso sa isa sa mga krimeng ito.

Ano ang mga kailangan para kayo ay makapag-apply sa Prop.47 na reklasipikasyon sa Los Angeles County?

1. Numero ng Kaso
2. Felony: Koda, seksyon at sub-seksyon (hal. 11350HS)
3. Petsa ng konbiksyon (conviction)
4. Address ng Korte : inumungkahi na gamitin ang address ng korte na kung saan kayo ay nasentesyahan at isumite sa opisina ng District Attorney at opisina ng Clerk ng korte.
5. Dalawang mga kailangang form:
  - a. Application/Petition For Resentencing, Response Form (PC §1170.18(a) and (f))
  - b. Proof of Service Form

Ang mga sumusunod na krimen o felonies ay maaaring magkaroon ng reklasipikasyon ng rekord

Simpleng pag-aari ng droga	H.S. 11350, H.S. 11357, H.S. 11377
Petty na pagnanakaw na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa	P.C. 666
Shoplifting na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa.	P.C. 459

Pandadaya o Forgery na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa.	P.C. 470, P.C. 473 (kasama ang PC 471,472, 475, 476, 484f at 484(i)(b))
Pag-isyu/paggamit ng talbog na tseke na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa.	P.C. 476(a)
Pagtanggap ng mga ninakaw na ari-arian na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa.	P.C. 496
Pagnanakaw na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa.	P.C. 487, (kasama 484e(a), 484e(a), 484e(b), 484e(d), 484g, 484h, 487a, 487b, 487d, 487h, 487i, 487j and 489.)

#### Pagkuha ng Inyong Kriminal Rekord:

- Para makuha ang online na listahan ng inyong kriminal rekord sa LA County [click dito](#) o tingnan ang “Useful Links” seksyon na nasa dulo ng dokumentong ito.
  - Ang search index na ito ay naglalaman ng isang listahan ng mga numero ng kaso at petsa kung kailan ito na-file na may kaugnayan sa pangalan ng grupo/ku mpanya na inyong isinumite. Kung available, counts, kasalukuyang charges, disposisyon at petsa ng disposisyon ay maaaring kasama rin . Ang *site na ito ay updated araw-araw*. Click dito para makita ang [sample](#) ng isang paghahanap o search. Mayroong bayad na \$1.00 para sa paghahanap o search.
- Narito ang listahan ng iba pang mga paraan para makuha ninyo ang inyong kriminal rekord para sa iba’t ibang mga hurisdiksyon (county/state):
  - Ang inyong court dockets para sa kaso na kayo ay nasentensyahan ay maaaring

makuha mula sa korte na siyang nagsentensya sa inyo. Mayroon lamang silang mga impormasyon sa mga conviction na nagmula sa korteng iyon.

- The California State Dept. of Justice’s Criminal Record Review Unit. Mayroon silang impormasyon sa mga kriminal rekord sa buong California T Tiyakin na sundin ang direksyon ng maingat lamang para sa pagre-request ng inyong kriminal rekord. Para mag-request ng kopya ng kasaysayan ng inyong kriminal na rekord sa California [click here](#) o tingnan ang “Useful Links” sa ilalim. Maaari din ninyo silang tawagan sa telepono 916-227-3400. Ngunit mayroong \$25 na processing fee, pero pwede kayong ma-qualify para sa fee waiver. Magbigay lamang kayo ng written proof ng inyong kinikita. Maaaring tumagal ng ilang linggo para makarating sa inyo ang inyong rekord sa mail o koreo.
- Sa inyong abogado, parole officer, probation officer, o mga kontak sa mga korte at komunidad ng mga law enforcement.

#### Mga Dokumentong Pang-reklasipikasyon:

- Application/Petition para sa Resentencing, Response Form (PC §1170.18(a) at(f)), at maaaring makuha sa pamamagitan ng pag-[click dito](#) o tingnan ang “Useful Links”.**
  - Kung ikaw ay hindi na nakakulong at wala sa ilalim ng superbisyon, maaari mong isumite ang form bilang iyong **application** sa pamamagitan ng pagpili ng application options sa form.
- Proof of Service Form**, makukuha ito sa pamamagitan ng pag-[click dito](#) o tingnan ang “Useful Links”.
  - Ang Proof of Service ay kailangang ma- file sa Korte kasabay ng pag-file ng iyong petisyon o application, na nagpapakita kung kailan at saan ito nasumite sa District Attorney. Dapat itong na-served ng ibang tao at hindi ikaw at ang taong ito ay kailangang nakumpleto at napirmahan ang Proof of

Service.

kaysa sa mga aplikasyon.

### Proseso ng Aplikasyon :

Matapos na magkaroon ka na ng mga form at ang impormasyong nakuha mula sa iyong kriminal rekord, sagutin ang dalawang forms at pirmahan ito. Ito ang iyong reclassification packet.

- A. Kailangan mong mag-sumite ng hiwalay na reclassification packet sa bawat kaso na gusto mong ma-reclassify.
- B. Sa bawat isang kaso, kailangang mo ng tatlong kopya ng reclassification packet. Ang orihinal na kopya ay mapupunta sa opisina ng Clerk ng Korte. Ang isang kopya ay pupunta sa opisina ng LA District Attorney Office. At ang isang kopya ay maiiwan sa iyo para sa iyong sariling rekord.
- C. Minumungkahi na ang reclassification packet ay maisumite sa Korte na kung saan ikaw ay nasentensyahan. Narito ang listahan ng lahat ng Criminal Courthouses sa County ng Los Angeles.<sup>1</sup>
- D. Walang pagdinig o hearing na kailangan para sa reclassification application kung ito ay hindi hinihiling ng opisina ng District Attorney Kung ang inyong aplikasyon ay tumutugon naman sa mga kriteria, ang Korte na ang magde-designate na ang kaso ninyong felony ay mabago at maging misdemeanor na lamang.
- E. Walang direktiba mula sa korte kung hanggang kailan ninyo matatanggap ang notipikasyon o notification ngunit minumungkahi namin namin na maglakip kayo ng self-addressed stamped envelope para maging mabilis ang pag-kontak sa inyo ng korte. Pinapayuhan ng korte ang publiko na ang mga petisyon ay mas precedent

---

<sup>1</sup> Some courthouses have been closed and reassigned: Whittier will be handled in Norwalk; Santa Monica, Beverly Hills, and West LA will be handled at Airport; Malibu will be handled at Van Nuys.

### Mga Mahahala/Useful Links:

Para hanapin ang Public Defender Office sa inyong county:  
<http://www.cpda.org/County/CountyPDWebSites.htm>

Para sa Office of the Los Angeles County Public Defender: <http://pd.co.la.ca.us/>

County of Los Angeles Alternate Public Defender Office Locations and Information.  
<http://www.apd.lacounty.gov/Offices.htm> &  
<http://www.apd.lacounty.gov/>

Eligible Offenses:  
<https://www.saccourt.ca.gov/criminal/docs/cr-pc-1170-18-petition-filing-information.pdf>

Prop 47 Statute:  
<http://vig.cdn.sos.ca.gov/2014/general/pdf/text-ofproposed-laws1.pdf#prop47>

Application/Petition for Resentencing, Response Form (PC §1170.18(a) and (f))  
<http://www.lacourt.org/forms/pdf/CRIM235.pdf>

Proof of Service Form:  
<http://www.lacourt.org/forms/pdf/CRIM237.pdf>

To request a copy of your California criminal history record:  
<http://oag.ca.gov/fingerprints/security>

Index of defendants in criminal cases in the Los Angeles Superior Court Cases:  
<https://www.lacourt.org/paonlineservices/criminalindex/publicmain.aspx?>

Here is a list of all the Criminal Courthouses:  
<http://www.lacourt.org/courthouse/mode/division/criminal>

List of crimes that will exclude you from getting your record changed under Proposition 47:  
[http://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/public\\_defender/Prop47Excludable.html](http://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/public_defender/Prop47Excludable.html)